Abiso ng Pagdinig

Ang dokumentong ito ay maaaring magamit para bigyan ang kabilang panig ng abiso ng pagdinig para sa isang petisyon o mosyon na iyong iniharap.

Magsulat nang Malinaw!

Isulat ang pangalan ng nagpepetisyon. Ang nagpepetisyon ang tao na binibigyan ng proteksyon ng isang kautusan na proteksyon sa sekswal na atake. Isulat ang petsa ng kapanganakan ng nagpepetisyon sa puwang na may nakalagay na "DOB."

Isulat ang pangalan ng nananagot. Ang nananagot ay ang taong pinipigilan ng kautusang pamproteksyon sa pang-aabusong sekswal. Isulat ang petsa ng kapanganakan ng nananagot sa puwang na may nakalagay na "DOB."

Pagkatapos ng salitang "Para kay" o "*To*," isulat ang pangalan ng kabilang panig.

Sa sumusunod na linya, isulat sa malalaking titik ang iyong pangalan at lagyan ng tsek ang tamang kahon na magpapahiwatig kung ikaw ba ay ang nananagot, ang nagpepetisyon, o sinumang naghaharap sa pangalan ng nagpepetisyon. Sa sumusunod na linya, isulat ang pangalan ng petisyon o ng mosyon, gaya ng "Mosyon para Baguhin/Wakasan ang Kautusang Pamproteksyon sa Pang-aabusong Sekswal" o "*Motion to Modify/Terminate Sexual Assault Protection Order*".

Ang Klerk ang Magpupuno ng Nalalabi pang Bahagi ng Dokumentong Ito

Isang kopya ng abiso ng pagdinig na ito at ng iyong petisyon o mosyon ang kailangang maiabot sa kabilang panig, at isang *Return of Service*, ang *form* WPF SA 4.020, ang kailangang iharap sa klerk ng hukuman sa o bago ang pagdinig. Tingnan ang mga istruksyon sa SAi-4.020.

Ang sumusunod ay isang halimbawa ng Abiso ng Pagdinig:

Tandaan: Kailangang kumpletuhin mo ang pormularyong ito sa Ingles.

Court of Washington ***Hukuman ng Washington*** **For (*Para kay)***	**No. (Numero)**
_____ _____ Petitioner (Person to be protected) DOB *Nagpepetisyon (Taong bibigyan ng Proteksyon)* vs. *laban kay* _____ _____ Respondent (Restrained Person) DOB *Nananagot (Taong Pinipigilan)*	**Notice of Hearing (NTHG)** ***Abiso ng Pagdinig*** (Optional Use) *Opsyonal na Gamitin* ☐ Clerk's Action Required *Kailangan ang Aksyon ng Klerk*

To: (***Para kay:)*** _____

A motion or petition has been filed by _____ [name], who is the

☐ respondent ☐ petitioner ☐ person filing on behalf of petitioner, for the following relief:

_____.
(Name of Petition or Motion)

Isang mosyon o petisyon ang iniharap ni _____ (pangalan) na siyang ☐ nananagot ☐ nagpepetisyon ☐ taong naghaharap sa pangalan ng nagpepetisyon para sa sumusunod na lunas:

_____.
(Pangalan ng Petisyon o Mosyon)

A hearing will be held on _____ [date], at _____ a.m./p.m. at _____ [location] to determine whether the requested relief should be granted. ***If You Do Not Appear, the Court May Enter an Order Granting All of the Relief Requested in the Petition or Motion.***

Isang pagdinig ang gaganapin sa _____ [petsa], sa ganap na _____ n.u./n.h. sa _____ [lugar] upang malaman kung ang hinihiling na lunas ay ipagkakaloob. ***Kung Hindi ka Dadalo, Maaaring Magbigay ang Hukuman ng Isang Kautusan na Nagkakaloob ng Lahat na Hiniling na Lunas sa Petisyon o sa Mosyon.***

Dated: _____
Petsa:

County Clerk
(Klerk ng County)

By (*Ni*): _____
Deputy Clerk
(Deputy Clerk)

A copy of this document and the petition or motion must be served on the other party, and a Return of Service must be filed with the court clerk at or before the hearing.

Isang kopya ng dokumentong ito at ng petisyon o mosyon ang kailangang maiabot sa kabilang panig, at isang Return of Service ang kailangang maiharap sa klerk ng hukuman sa o bago ang pagdinig.